

PANITIKAN NG MAUBAN SA PAGTUTURO NG KOMUNIKASYON AT PAGPAPAYAMAN NG TALASALITAAN

Jonalyn M. Latorre¹, Imelda G. Carada Ph.D²

¹(Filipino & Social Studies Department, Pambayang Kolehiyo ng Mauban, Mauban, Quezon, Philippines)

²(College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines)

ABSTRACT: *This study is about the use of Mauban Literature in Teaching Communication and Vocabulary Enrichment. The study utilized the descriptive-correlational and experimental methods. Respondents were selected through stratified random sampling with a total of 60 freshmen students of Pambayang Kolehiyo ng Mauban. Researcher use the pamphlet of Mauban literature, a self-made checklist questionnaire and pre-test and post-test as instruments. Mean and standard deviation were used to know the perspective of students in using Mauban literature in teaching communication based on objectives, contents, use of words, and design and organization. Frequency and percentage were used to know the student's level of vocabulary enrichment. Pearson r was used to know the significant relationship of student's perspective on using Mauban literature and level of vocabulary enrichment. Lastly, a paired-sample t-test was used to show the significant differences on the level of vocabulary enrichment before and after using Mauban literature in teaching. Based on the over-all results, the perspective on using Mauban literature in teaching communication has no significant relationship on the vocabulary enrichment of the students. But, results also show that there is a significant difference on the level of vocabulary enrichment of students before and after using Mauban literature in teaching.*

Keywords : *Communication, Mauban literature, teaching, vocabulary enrichment*

I. PANIMULA

Ang lahat ay nagsimula dahil sa wika. Nabigyan ng pagkakakilanlan at katawagan ang lahat ng bagay sa daigdig, nakikita man o hindi nakikita dahil mayroong wika. Sinasabing ang wika ang siyang pinakadakilang biyaya sa atin ng Maykapal. Sa pamamagitan ng wika ay nagkakatapit at nagkakaunawaan ang mga tao sa mundo. Nagkakabuklod ang isang bansa dahil mayroon silang wika ng pagkakaisa. Yumayabong ang ating kaalaman dahil wika ang ating ginagamit upang kumalap ng impormasyon, magsaliksik at paganahin ang malikhaing pag-iisip. Ito ang pinakamabisang instrumento sa komunikasyon upang makapaghayag tayo ng ating mga pananaw, saloobin, at nadarama sa iba. Hindi maitatangi ang napakalaking impluwensiya ng wika sa buhay ng bawat isa.

Itinatadhana ng CHED Memorandum Order Blg. 04, s. 2018 na ang wikang Filipino ay magiging bahagi pa rin ng kurikulum ng New General Education. Ito ay naglalayong makapag-debelop ng mga mag-aaral sa antas tersyarya na nagtataglay ng sapat na kaalaman, kakayahan at kasanayan sa paggamit ng akademikong wika sa pakikipagtalastasan upang maging mahusay na komyunikeytor sa wikang Filipino. Kaugnay nito ang layuning mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng mataas, kritikal at masining na pag-iisip, at malawak na pag-unawa at gawaing pagpapahayag sa iba't ibang sitwasyon.

Tinalakay naman ni Baer (2017) na ayon sa DepEd Order 32 s. 2015, ang pagsasanib ng lokalisasyon at indigenization tungo sa kontekstwalisasyon sa pagtuturo sa lahat ng asignatura ay nakakatutulong sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral na mas mapahalagahan ang mga bagay na makikita mismo sa kanilang pook na ginagalawan. Nakatutulong din ito upang mabigyan ng kalayaan ang mga paaralan upang iangkop ang kurikulum sa lokal at iugnay ang nilalaman nito sa proseso ng pagtuturo sa kapaligirang lokal. Mapahalagahan ang biyaya at likas na kagandahan sa sariling pook.

Ayon pa kina Perez at Petras (2019), isa sa mga kasanayang dapat malinang sa mga mag-aaral para makatugon sa nagbabagong mundo ang kasanayang komunikatibo sa wikang Filipino, partikular na sa linggwistikong kakayahan na may kaugnayan sa wastong gramatika. Ang pagkatuto ng wastong gramatika ay batayang sangkap sa pagtuturo ng wika.

Ang hangarin ng pag-aaral na ito ay maipakita ang paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ninanais ng mananaliksik na maipabatid ang kahalagahan ng pagpapanatili at patuloy na paggamit ng mga lokal na akda ng bayan ng Mauban tulad ng kanilang alamat, kasaysayan at mga awiting bayan. Nilalayan rin ng pag-aaral na ito na mas mapaunlad at mapayaman ang talasalitaan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino kahit pa marami nang makabagong salita ang kanilang natututunan sa panahon ngayon. Hindi naman masama ang pagtanggap at pagyakap sa ibang wika kung nangangahulugan naman ito nang hindi tuluyang pagbitiw sa wikang sarili.

II. Layunin ng Pananaliksik

Nilayong malaman sa pag-aaral na ito ang: (1) pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa layunin, nilalaman, paggamit ng mga salita, at disenyo at pagkakabuo; (2) antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa context clues at idyomatikong pagpapahayag; (3) makabuluhang kaugnayan ng pananaw sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan; at (4) makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pagpapayaman ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon.

III. Metodo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pamamaraang eksperimental (experimental method) at pamamaraang descriptive-correlational. Ginamit ang dalawang disenyo ito sa pananaliksik upang mabatid kung may makabuluhang kaugnayan ba ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at antas ng pagpapayaman ng talasalitaan at gayundin ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pagpapayaman ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang panitikan ng Mauban batay sa kanilang nakuhang iskor sa pre-test at post-test.

Ang naging tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na nasa unang taon (first year) ng tersyarya mula sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban, Taong Panuruan, 2020-2021. Sila ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa tatlong seksyon na kumukuha ng kursong Edukasyon at nagpapakadalubhasa sa iba't ibang medyor tulad ng Filipino, BEED at Social Studies. Ang nasabing mga mag-aaral sa unang taon mula sa tatlong seksyon ay may kabuuang bilang na 100 na nagmula sa iba't ibang medyor, Filipino, BEED at Social Studies. Sa pamamagitan ng *Stratified Random Sampling* ang mananaliksik ay pumili ng animnapung (60) na may tigdadalawang (20) mag-aaral mula sa bawat seksyon na siyang nagsilbing tagasagot.

Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungang tseklis upang mabatid ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon. Ito ay binubuo ng apatnapung (40) tanong at nahahati sa apat na kategorya batay sa layunin, nilalaman, paggamit ng mga salita, at disenyo at pagkakabuo. Nagbigay ang mananaliksik ng paunang pagsusulit o pre-test upang malaman ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral bago pa gamitin at basahin ang mga akdang Mauban. Ito ay binubuo ng dalawang bahagi na may tiglabinlimang (15) katanungan batay sa context clues at idyomatikong pahayag. Nagbigay rin ng panapos na pagsusulit o post-test upang malaman naman ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin at basahin ang mga akdang Mauban sa pagtuturo. Ito ay binubuo ng dalawang bahagi na may tiglabinlimang (15) katanungan batay sa context clues at idyomatikong pahayag.

Nagsaliksik ng ilang piling akdang pampanitikan sa Mauban at nilikom ito sa pamamagitan ng isang *pamphlet* na inangkupan ng mga layunin ang bawat nilalaman at nilapatan ng kaukulang disenyo at kaugnay na larawan upang maging maayos ang pagkakabuo nito. Ginamit ang mga akdang ito sa pagtuturo ng komunikasyon dahil ito ay kinapapalooban ng mga salitang kontekstwal at matatalinghang salita at upang matukoy kung makatutulong ito sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral.

Nagsagawa rin ang mananaliksik ng *interview* sa mga mag-aaral na nagsilbing tagasagot matapos makalap ang mga datos. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga katanungan na naka-post sa *Google Classroom* upang kanilang bigyan ng kasagutan at opinyon gayundin ang pagtatanong sa kanila sa mga *online session* na isinagawa ng mananaliksik. Sa pamamagitan ng *interview* ay ninais na malaman kung nakatulong sa kanila ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan ng Mauban sa pagpapayaman ng kanilang talasalitaan. Gayundin, inalam mula rito ang iba pang dahilan ng pagtaas ng antas ng kanilang talasalitaan mula sa mga kasagutang itinala ng mga mag-aaral.

Ang mga pagsusulit at talatanungang tseklis na binuo gayundin ang *pamphlet* ng mga panitikan ng Mauban na ipababasa at gagamitin sa pag-aaral na ito ay ipinasuri sa mga taong may kasanayan at bihasa sa Asignaturang Filipino, upang malaman ang kabisaan ng instrumento. Sila ay binubuo ng mga dalubhasang guro sa Filipino na masusing nagsuri sa talatanungan at *pamphlet* ng mga akda. Pagkatapos nito, sinuring mabuti ng mananaliksik ang ginawang balidasyon upang matukoy kung alin ang dapat at di-dapat na alisin at idagdag sa talatanungan at sa *pamphlet* ng mga akdang Mauban. Ang mga tanong na binigyan ng puna ay ginawan ng rebisyon upang higit na maging angkop at makapagbigay ng mga kinakailangang datos.

Upang mas maging katanggap-tanggap ang mga datos na makakalap ay nagsagawa muna ang mananaliksik ng *pilot testing* ng kanyang talatanungan. Ang *pilot testing* ay dalawang beses isinagawa upang mas maging makatotohanan ang mga datos. Pumili ng mga tagasagot upang siyang magsagot sa pilot testing at ibinigay sa kanila sa unang araw ang paunang pagsusulit. Matapos ito ay ipinabasa sa kanila ang mga akda nang sumunod na araw at saka nagsagot muli ng panghuling pagsusulit. Makalipas ang limang araw ay muling inulit ang proseso ng pilot testing sa nasabing tagasagot at sa pamamagitan ng Cronbach's Alpha ay nabatid na ang talatanungan ay naging katanggap-tanggap sa kanila.

Pinasagutan ng mananaliksik ang talatanungan sa pamamagitan ng *Google forms* dahil sa kasalukuyan ay hindi pa pinapayagan ang *face to face* na pagtuturo sa paaralan at sa online pa isinasagawa ang mga pagkklase ng mga mag-aaral sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban. Matapos magsagot ng paunang pagsusulit o *pre-test* ay inalam ang paunang kaalaman o antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Pagkatapos ay itinuro at ipinabasa naman ang *pamphlet* na naglalaman ng mga akdang pampanitikan ng Mauban tulad ng kasaysayan, alamat at mga tula. Itinuro ito sa loob ng tatlong *online class session* (isang session sa loob ng isang linggo) sa tatlong pangkat sa loob ng isa at kalahating oras upang ito ay kanilang basahin at suriin ang mga matatalinghangang nakapaloob sa mga akda. Ginawa ito sa oras ng pagkklase ng mga mag-aaral sa online gamit ang *Google Meet*. Matapos ito ay ibinigay ang talatanungang tseklis upang malaman ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon. Pagkatapos na mabasa ng mga mag-aaral ang mga akda ay saka sila binigyan ng panapos na pagsusulit o *post-test* upang muling mabatid ang antas ng kanilang pagpapayaman ng talasalitaan pagkatapos gamitin at basahin ang mga panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at upang mabatid kung may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kanilang talasalitaan batay sa nakuhang iskor sa pre-test at post test. Pagkatapos nito ay nagsagawa rin ang mananaliksik ng *interview* upang mas mabigyang-patunay kung naging epektibo ang paggamit at pagbasa ng mga akda ng Mauban upang mapataas ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga katanungan sa *Google classroom* na kung saan ay sinagot ng mga mag-aaral at gayundin ang pagsasagawa ng online class session upang makuha ang opinyon ng mga mag-aaral. Batay sa naging talakayan at kasagutang ibinigay ng mga mag-aaral ay sinuri ito ng mananaliksik upang mas maging makatotohanan ang kinalabasan ng pananaliksik.

Para sa pagsusuri ng antas ng pananaw sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon ay ginamit ng mananaliksik ang *Mean at Standard Deviation* bilang *statistical treatment*. Gumamit din ang mananaliksik ng *frequency at percentage* para sa pagkuha ng antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa *context clues* at idyomatikong pagpapahayag. Ginamit din ang *Pearson r* upang malaman ang mahalagang kaugnayan ng pananaw sa paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ginamit naman ang *paired sample t-test* upang maipakita ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapayaman ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin at basahin ang panitikan ng Mauban.

IV. Resulta at Diskusyon

Talahanayan 4.1 Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon Batay sa Layunin

Indikektor	Mean	SD	Interpretasyon
1. May nakalahad na layunin ang bawat akdang binasa.	3.73	0.45	LS
2. Nakasalig ang mga layunin ng akda sa nilalaman at mga kasanayang dapat malinang sa mga mag-aaral.	3.78	0.42	LS
3. Mataas na antas ng pagkatuto ang nakalahad sa mga layunin na dapat matamo matapos mabasa ang akda.	3.68	0.47	LS
4. Ang mga layunin ay binubuo ng tatlong domeyn: ang kognitibong domeyn, saykomotor na domeyn at afektib na domeyn.	3.43	0.57	S
5. Ang mga layunin sa akda ay hindi lamang nakapokus sa nilalaman kundi maging sa pagsusuri ng mga salitang ginamit.	3.72	0.49	LS
6. Madaling maunawaan ang mga nakasaad na layunin at madaling matamo ang mga kasanayang lilingin dito.	3.32	0.57	S

7. Masyadong mataas ang kasanayang lilingin sa bawat akda.	3.23	0.59	S
8. Ang mga layunin ay angkop na angkop sa nilalaman ng mga akdang binasa.	3.53	0.57	LS
9. Ang mga layuning nakasaad sa bawat akda ay mas mababa ang lebel kaysa sa lebel ng pang-unawa ng mag-aaral.	2.50	0.83	S
10. Sapat ang bilang ng mga layunin sa kasanayang dapat malinang sa pagbasa ng mga akda.	3.52	0.54	LS
Kabuuan	3.45	0.31	S

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS), 2.50-3.49 Sumasang-ayon (S), 1.50-2.49 Di Sumasang-ayon (DS), 1.00-1.49 Lubos na Di Sumasang-ayon (LDS)

Ipinakikita sa Talahanayan 4.1 ang pananaw ng mga mag-aaral sa Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon batay sa Layunin. Mapapansin na ang ikalawang indekeytor ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.78 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakasalig ang mga layunin sa nilalaman at mga kasanayang dapat malinang. Ipinakikita rito na lubos na naniniwala ang mga mag-aaral na ang mga layuning iniangkop ay wasto at naaayon sa nilalaman ng bawat akdang kanilang binasa. Kaya naman ipinakikita sa indikektor 9 na nakakuha ng pinakamababang mean na 2.50 ay nagpapakita na kanilang sinasang-ayunan na ang mga layuning nakasaad sa bawat akda ay mas mababa ang lebel kaysa sa lebel ng pang-unawa ng mag-aaral. Nangangahulugan ito na sapat lamang ang mga layuning ginamit at nakatulong ito bilang gabay sa kung ano ang dapat nilang matamo matapos basahin ang mga akda.

Sa kabuuan, ang pananaw ng mga tagasagot sa panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa layunin ay nakakuha ng kabuuang mean score na 3.45 na nangangahulugang sumasang-ayon. Pinatutunayan lamang nito na naniniwala ang mga mag-aaral na angkop ang mga tunguhin at mga dapat matamong kasanayan sa talasalitaan matapos basahin ang mga akdang pampanitikan ng Mauban. Mahalaga ang pagbibigay ng layunin upang maging gabay ng mga mag-aaral sa dapat matamo matapos ang pagtuturo. Ito ay nakatutulong upang mas maituon at maging organisado ang pagtalakay sa aralin. Naihahanda ang mga mag-aaral sa dapat nilang malinang at nakapagpapataas din ng kanilang motibasyon kung mayroong nakatakdang layunin sa pagtuturo (Aquino, 2015).

Ayon kina Gamarcha at dela Cruz (2020), ang layuning pampagtuturo ang tumitiyak kung ano ang mga inaasahang isasagawa ng mga mag-aaral bilang kinalabasan ng kanilang pagkahantad sa nilalaman ng isang pagtuturo-pagkatuto sa loob ng klasrum. Inihahanda ng mga guro ito sa liwanag ng nilalaman ng aralin na nais nilang matutunan ng mga mag-aaral, pagtiyak sa lebel ng sopistikasyon ng pagkatuto na inaasahan sa mga mag-aaral, at batay sa kakayahan at kawilihan ng mga tinuturuan.

Talahanayan 4.2 Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon Batay sa Nilalaman

Indikektor	Mean	SD	Interpretasyon
1. Madaling unawain ang nilalaman ng mga lokal na akdang binasa dahil nagmula ito sa kinagisnang lugar ng mag-aaral.	3.43	0.65	S
2. Nagkakaroon ng kalinangan sa kasaysayan, alamat at mga tula ng Mauban dahil sa pagbasa ng ilang piling akda mula sa lugar ito.	3.73	0.45	LS
3. Mas mapahalagahan ng mga mag-aaral ang bayan ng Mauban bilang isang makasaysayang lugar dahil sa pagbasa ng kanilang mga lokal na akda.	3.83	0.38	LS
4. Mas madaling maiintindihan ang mga lokal na akda ng Mauban ng mga taga-Mauban kaysa ibang mag-aaral na nagmula sa ibang bayan.	3.63	0.52	LS
5. Ang nilalaman ng mga lokal na akda ay naaayon sa kasaysayan, tradisyon at paniniwala ng mga taga-Mauban.	3.75	0.44	LS
6. Sumasalamin ang nilalaman ng mga lokal na akda sa kasaysayan at kultura ng lugar na angkop basahin ng mga mag-aaral.	3.72	0.56	LS
7. Makatutulong ang pagbasa ng mga akdang lokal upang mas maunawaan ang kultura ng bayan at mapahalagahan ito lalo na	3.87	0.34	LS

ng mga mag-aaral.

8. Hindi mahirap maunawaan ang nilalaman ng mga lokal na akda ng Mauban kahit matagal na itong naisulat.	3.35	0.63	S
9. Naaangkop pa ring basahin ang mga lokal na akda sa modernong panahon sa kasalukuyan.	3.62	0.52	LS
10. May makukuhang mahahalagang aral mula sa nilalaman ng mga akdang binasa.	3.90	0.30	LS
Kabuuan	3.68	0.27	LS

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS), 2.50-3.49 Sumasang-ayon (S), 1.50-2.49 Di Sumasang-ayon (DS), 1.00-1.49 Lubos na Di Sumasang-ayon (LDS)

Ipinakikita naman sa Talahanayan 4.2 ang pananaw ng mga mag-aaral sa panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa nilalaman. Mapapansin na ang pinakahuling indekeytor ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.90 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na may makukuha silang mahahalagang aral mula sa akdang binasa. Halos lahat ng indikektor ay may matataas na mean score na nagpapakita ng kanilang lubos na pagsang-ayon sa bawat pahayag tungkol sa nilalaman ng akda. Mabibigyang-patunay ito sapagkat maraming bilang ng tagasagot ay naninirahan sa Mauban kaya mas naging madali sa kanila ang pag-unawa sa nilalaman ng bawat akda. Nagiging pamilyar na sila sa mga panitikan ng Mauban dahil sa ito ay nagpapasalin-salin na sa iba't ibang henerasyon ng mga taal na Maubananin. Batay rin sa isinagawang *interview* sa mga mag-aaral ay lumalabas na mayroon na silang dating kaalaman sa mga panitikan ng Mauban dahil sa ito ay naituro na sa kanila noon o narinig na nila sa mga kuwento ng kanilang mga magulang.

Ang indikektor 8 naman ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.35 ngunit nangangahulugang pa rin na ang mga tagasagot ay sumasang-ayon na madaling unawain ang nilalaman ng lokal na akda kahit matagal na itong naisulat sapagkat ang mga ito ay nagmula sa kanilang kinagisnang lugar. Nangangahulugang naniniwala ang mga mag-aaral na makatutulong ang paggamit ng mga lokal na akda mula sa kanilang lugar dahil mas madali itong intindihin sapagkat may pamilyaridad na sila sa mga ito.

Sa kabuuang mean na 3.68 ay nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa nilalaman ng mga lokalisdong akdang kanilang binasa. Ipinapabatid lamang nito na lubos ang kaangkupan ng mga kuwento, alamat, kasaysayan at tula na nakapaloob sa mga lokal na akdang babasahin na lubos na nakatutulong upang maunawaan at mapahalagahan ang nilalaman ng akda.

Tumutugma ito sa sinabi ni Lacson (2020) na ang lokalisasyon ay binibigyang kahulugan bilang proseso ng pag-uugnay ng pagkatuto sa nilalaman. Tinutukoy ng kurikulum para sa lokal na impormasyon at bagay na mula sa komunidad ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito ang pagbibigay-diin niya na ang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ay ipinatutupad upang ang mga mag-aaral ay makatulong sa pagpapaunlad ng kanilang pook. Kaya ang paggamit ng pamamaraang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon sa asignaturang Filipino ay ang kukumpleto sa kanilang pag-unawa sa nilalaman ng isang akda.

Talahanayan 4.3 Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon Batay sa Paggamit ng mga Salita

Indikektor	Mean	SD	Interpretasyon
1. Nakapagpapalawak ng talasalitaan ang mga malalalim na salitang nakapaloob mula sa akda.	3.83	0.38	LS
2. Nagdaragdag ng kagandahan at kasiningan sa mga lokal na akda ang paggamit ng may-akda ng mga matatalinghagang salita.	3.78	0.42	LS
3. Maraming matatalinghagang salita ang matututunan dahil sa pagbasa ng mga lokal na akda.	3.77	0.43	LS
4. Madaling maunawaan ang mga pahayag mula sa akda sa pamamagitan ng pagsusuri kung paano ginamit ang mga salita sa pangungusap.	3.45	0.53	S
5. Mas magiging madali ang pag-unawa sa mga lokal na akda kung ito ay nakasulat na lamang sa mas simpleng pahayag kaysa sa paggamit ng malalalim na salita.	3.15	0.63	S
6. Nakatutulong ang paggamit ng <i>context clues</i> upang mas	3.52	0.50	LS

7. Mas madaling maunawaan ang nilalaman ng akda dahil ito ay nakasulat sa paraang lokalizado at kontekstwalizado.	3.38	0.49	S
8. May mga bagong salita akong natuklasan at nalaman na dati ay hindi ko alam at hindi ko ginagamit.	3.75	0.47	LS
9. Madaling maunawaan ang kahulugan ng mga matatalinghagang salita mula sa akdang binasa.	3.13	0.65	S
10. Ang mga salitang matatalinghaga na nakapaloob ng akda ay ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan ng mga mag-aaral.	3.02	0.77	S
Kabuuan	3.48	0.29	S

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS), 2.50-3.49 Sumasang-ayon (S), 1.50-2.49 Di Sumasang-ayon (DS), 1.00-1.49 Lubos na Di Sumasang-ayon (LDS)

Ang Talahanayan 4.3 ay naglalahad naman ng pananaw ng mga mag-aaral sa panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa paggamit ng mga salita. Mapapansin na nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.83 ang pinakaunang indikektor na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakapagpapalawak ng talasalitaan ang mga malalalim na salitang nakapaloob mula sa akdang kanilang binasa. Nangangahulugan lamang ito na lubhang nakatulong ang pamphlet ng panitikan ng Mauban sa pagpapayaman ng bokabularyo batay sa matatalinghagang salita. Samantalang ang may pinakamababang mean na 3.02 ay ang panghuling indikektor na nagpapakita ng pagsang-ayon na ang mga salitang matatalinghaga na nakapaloob ng akda ay ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan ng mga mag-aaral. Ipinapabatid lamang nito na kahit ang mga salitang kanilang natutunan ay may malalalim na kahulugan ay naniniwala ang mga mag-aaral na ito ay nakapagdagdag sa kanila ng panibagong kaalaman sa talasalitaan.

Sa kabuuan, ang pananaw ng mga mag-aaral sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa paggamit ng mga salita ay nakakuha ng kabuuang mean na 3.48 na nangangahulugang sumasang-ayon sila sa mga pahayag. Ipinapakita lamang nito na ang kagamitan sa pagtuturong ginamit ay angkop sa pagsusuri ng kahulugan ng mga matatalinghagang salita batay sa paggamit ng context clues at idyomatikong pagpapakahulugan. Bukod dito ay nakapagpapalawak ang mga matatalinghagang salitang nakapaloob sa akdang kanilang binasa at sa pamamagitan ng pagpapakahulugan rito ay madali nila itong nauunawaan.

Sa resulta naman ng pag-aaral ni Abuel (2009), napatunayan na kinakailangang palakasin ang paggamit ng katutubong mga salita upang maibalik at mapanatili ang magagandang kultura, tradisyon at kaugaliang Filipino sa kani-kanilang pinagmulang pook. Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng katutubong salita, patuloy na uunlad ang wikang pambansa kaalinsabay ng kultura at kabuhayan ng mga mamamayan.

Ayon pa kay Villacorta (2007), mula sa pag-aaral ni Barquilla (2015) ay lalong may halaga ang wika ng rehiyon na bumubuo at nagpapayaman dito. Ayon pa rin sa kanya, hindi lamang Tagalog ang bumubuo sa Filipino kundi ito'y naglalaman din ng mga salitang galing sa iba't ibang dayalekto sa Pilipinas.

Talahanayan 4.4 Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon Batay sa Disenyo at Pagkakabuo

Indikektor	Mean	SD	Interpretasyon
1. Maganda at angkop ang mga larawang ginamit sa nilalaman ng lokal na akda.	3.77	0.43	LS
2. Maayos ang pagkakabuo at pagsasama-sama ng mga piling akda sa pamamagitan ng <i>pamphlet</i> .	3.73	0.45	LS
3. Nakawiwiling basahin ang mga lokal na akda dahil sa disenyo at mga larawang ginamit dito.	3.75	0.44	LS
4. Nakatutulong ang mga larawan at disenyo upang mas madaling unawain ang nilalaman ng akda at mapahalagahan ito.	3.73	0.45	LS
5. May wastong talaan ng nilalaman at mga pahina ang <i>pamphlet</i> upang mas madali itong basahin.	3.73	0.45	LS
6. Mas naging pamilyar ang mag-aaral sa mga lokal na akda ng bayan ng Mauban dahil sa mga larawang ginamit sa mga akda.	3.78	0.42	LS
7. Nakapupukaw ng interes sa mga mag-aaral ang pagbasa ng mga akda dahil sa disenyo at maayos na pagkakabuo nito.	3.68	0.47	LS

8. Malikhain ang disenyong ginamit sa mga lokal na akdang binasa.	3.63	0.49	LS
9. May kaugnayan ang ginamit na disenyo at mga larawan sa nilalaman ng mga lokal na akda.	3.63	0.52	LS
10. Kailangan pang ayusin at pagandahin ang disenyo ng pamphlet upang mas maging kawili-wili itong basahin.	2.65	0.86	S
Kabuuan	3.61	0.30	LS

Pananda: 3.50-4.00 Lubos na Sumasang-ayon (LS), 2.50-3.49 Sumasang-ayon (S), 1.50-2.49 Di Sumasang-ayon (DS), 1.00-1.49 Lubos na Di Sumasang-ayon (LDS)

Inilalahad naman sa Talahanayan 4.4 ang pananaw ng mga mag-aaral sa panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa disenyo at pagkakabuo. Makikita sa talahanayan na lahat ng indikektor ay nakakuha ng mataas na mean score at nangangahulugan ng lubos na pagsang-ayon sa halos lahat ng pahayag maliban sa panghuling indikektor. Ang ikaanim na indikektor ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.78 na may kahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa pahayag na mas naging pamilyar sila sa mga lokal na akda ng bayan ng Mauban dahil sa mga larawang ginamit sa mga akda. Napupukaw ang interes at kawilihan ng mga mag-aaral kung ang kanilang binabasang materyal ay kahali-halina sa mata o paningin tulad ng paggamit ng mga makukulay na presentasyon, larawan at iba pa. Mapapansin naman na ang panghuling indikektor ang nakakuha ng pinakamababang mean na 2.65 na nangangahulugang sumasang-ayon sila na kailangan pa ang dagdag na pagsasaayos at pagpapaganda sa disenyo ng pamphlet na kinapapalooban ng mga akda upang mas maging kawili-wili itong basahin. Inirerekomenda nina Cordenete at Macaldao (2020) na mainam din na bigyang-buhay ang presentasyon, organisasyon at disenyo ng kagamitang panturo dahil ang mga mag-aaral ay nasa ika-21 siglo nararapat na angkop ito sa kanilang interes nang hindi maglaho ang kanilang atensyon.

Sa kabuuang mean na 3.61 ay nangangahulugan ng lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa disenyo at pagkakabuo ng kanilang binasang pamphlet na naglalaman ng mga piling akda ng Mauban. Ipinakikita rito na lubhang angkop ang mga larawan at disenyong ginamit sa pamphlet ng panitikan ng Mauban na naging kawili-wili mawili sa mga mag-aaral na basahin ang mga ito.

Sa pananaliksik nina Cordenete at Macaldao (2020) na ang format sa kanyang isinagawang kagamitang panturo na interkibong modyul ay ginawa sa pamamagitan ng pagkakabuo, ilustrasyon, at disensyo kaya naman ito ay nagtataglay ng mga angkop na laki at istilo ng font at ang bawat larawang ginamit ay akma sa bawat aralin. Binigyang-diin niya na ang mahusay at malinaw na presentasyon at organisasyon ng mga nilalaman ay nagdudulot ng madaling pag-unawa sa bahagi ng mga mag-aaral at higit sa lahat ay nagaganyak sila dahil sa mga nasisilayang larawan na ginamit sa kagamitang panturo na binuo.

Tumutugma ito sa resulta ng pag-aaral ni Saberola (2018), na dapat pang dagdagan ng mga larawan na makatatawag ng pansin at makaaakit ng interes ng mga mag-aaral kagamitang pampagtuturo na inihanda. Dapat ding magsagawa ng iba pang pag-aaral kung saan ang mga kalahok ay mula sa una, gitna, at huling pangkat upang mas makita ang kabisaan ng buong kagamitan sa pagtuturo.

Talahanayan 4.5 Antas ng Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral Batay sa *Context Clues*

Iskor	Context Clues				Interpretasyon
	<i>Pre-test</i>		<i>Post test</i>		
	F	Percent	F	Percent	
12-15	14	23.3	37	61.7	Napakataas
8-11	46	76.7	23	38.3	Mataas
5-7	--	--	--	--	Mababa
1-4	--	--	--	--	Napakababa
Kabuuan	60	100.0	60	100.0	

Ipinakikita sa Talahanayan 4.5 ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa paggamit ng *context clues*. Mula sa kabuuang animnapung (60) tagasagot ay kapansin-pansin na 46 na mga tagasagot na may 76.7 bahagdan ay may mataas na antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa context clues at nakakuha ng iskor na 8-11. Samantalang may 14 na nakakuha ng iskor na 12-15 at may katumbas na 23.3 bahagdan sa kabuuang 100% bahagdan sa kanilang paunang pagsusulit o pre-test at nangangahulugang

napakataas ng antas ng kanilang pagpapayaman ng talasalitaan batay sa paggamit ng context clues. Nangangahulugan na may mataas ng antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ang mga mag-aaral bago pa man nila gamitin at basahin ang mga akda. Mapatutunayan ito sa isinagawang interview sa klase na kanilang ipinahayag na mayroon na silang ideya sa kahulugan ng mga salitang kanilang binigyang-kahulugan sa pre-test. Ilan sa mga dahilan ay dati na nilang alam o naririnig ang ilang salitang matatalinghaga dahil sa ang mga ito ay ginagamit na sa kanilang tahanan o naririnig nila sa matatandang kasapi ng kanilang pamilya.

Sa kanila namang post test ay mapapansin na may 37 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 12-15 na may 61.7 bahagdan na nangangahulugang may napakataas na antas sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa paggamit ng context clues. Mayroon namang 23 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 8-11 sa post test na may 38.3 bahagdan at nangangahulugang may mataas silang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay pa rin sa paggamit ng context clues. Mapapansin rin na walang nakakuha ng mababa at napakababang iskor. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas nang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa paggamit ng context clues at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang basahin at gamitin ang pamphlet ng mga panitikan ng Mauban na makikita sa resulta ng kanilang post test.

Tumutugma ito sa kinalabasan ng pag-aaral nina Cordenete at Macaldao (2020) na naging kapaki-pakinabang ang paggamit naging kapaki-pakinabang ang paggamit ng kanyang nabuong materyal na interaktibong modyul sa mga mag-aaral dahil sa pagtatamo ng mga ito ng mataas na karunungan kumpara sa tradisyonal na pagtuturo. Sa tulong ng interaktibong modyul, makakamit ng mga mag-aaral ang kaalaman nang hindi nababagot at hindi nawawala ang interes sa pag-aaral.

Sang-ayon pa kina De Vera et.al (2010) na ang pagkakaroon ng malawak na talasalitaan ay mahalaga sa pagsasatitik ng iniisip. Kailangan ang kaalamang panretorika tulad ng paggamit ng tayutay, idyomatikong pahayag, salawikain, at iba pa upang maging masining ang isang pahayag.

Talahanayan 4.6 Antas ng Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral Batay sa Idyomatikong Pagpapahayag

Iskor	Idyomatikong Pagpapahayag				Interpretasyon
	<i>Pre-test</i>		<i>Post test</i>		
	F	Percent	F	Percent	
12-15	3	5.0	17	28.3	Napakataas
8-11	46	76.7	43	71.7	Mataas
5-7	11	18.3	--	--	Mababa
1-4	--	--	--	--	Napakababa
Kabuuan	60	100.0	60	100.0	

Ipinakikita naman sa Talahanayan 4.6 ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa idyomatikong pagpapahayag. Mapapansin sa pre-test ang napakalaking bilang ng mga tagasagot (46) na may 76.7 na bahagdan ay nakakuha ng iskor na 8-11 na nangangahulugang may mataas silang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa idyomatikong pagpapahayag. Samantalang may 11 tagasagot naman ang nakakuha ng 5-7 na iskor na may 18.3 bahagdan at nangangahulugan na sila ay may mababang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa idyomatikong pagpapahayag. Mapatutunayan ito sa pag-aaral nina Alpajora et.al (2015) na may kawilihan ang mga mag-aaral sa paggamit ng idyomatikong pahayag at mga tayutay ngunit mayroon naman silang mababang kaalaman sa paggamit nito. Nangangahulugan na mahalaga ang pagtuturo sa mga mag-aaral ng kahalagahan ng patuloy na paggamit ng idyomatikong pahayag at mga tayutay dahil hindi sapat ang basta sila mayroong kawilihan dito.

Sa kanila namang post test ay mapapansin na may 17 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 12-15 na may 28.3 bahagdan na nangangahulugang may napakataas na antas sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa idyomatikong pagpapahayag. Mayroon namang 43 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 8-11 sa post test na may 71.7 bahagdan at nangangahulugang may mataas silang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay pa rin sa idyomatikong pagpapahayag. Mapapansing mas tumaas ang bilang ng mga tagasagot na may mataas at napakataas na antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa idyomatikong pagpapahayag pagkatapos nilang basahin ang mga panitikan ng Mauban na makikita sa resulta ng kanilang post test. Mapapansin rin na walang nakakuha ng napakababang iskor sa kanilang pre-test at post test. Nangangahulugan lamang ito na nakatulong ang paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon upang mas higit na tumaas ang antas ng

kaalaman sa bokabularyo at makikitang naging epektibo ang paggamit nito. Tinalakay ni Zamora (2016) na isa sa mahalagang katuwang ng guro sa pagtuturo ang isang mabisang kagamitang panturo na sasagot sa hamon ng pagbabago ng panahon, ang mga kagamitang panturo na magsisilbing tagapaghatid ng kaalaman at tagapaglinang ng mga kasanayan sa isang mag-aaral. Nararapat na ito ay tumutugon sa pangangailangan ng isang kurikulum na iniimplementa sa isang paaralan.

Lumabas rin sa isinagawang interview na ang ilang mag-aaral ay pamilyar na sa kahulugan ng mga salitang idyomatiko na kanilang nabasa mula sa mga akda. Ipinihihatig lamang nito na ang ilang mga salita ay kanilang ginagamit na o dati na nilang alam ang kahulugan ng mga ito sapagkat madalas na nila itong naririnig na ginagamit ng mga tao sa kanilang paligid, o kaya ay natutunan na nila dati sa paraalan.

Pinatunayan naman sa pag-aaral nina Alpajora et.al (2015) na may kawilihan ang mga mag-aaral sa paggamit ng idyomatikong pahayag at mga tayutay Nangangahulugan na mahalaga ang pagtuturo sa mga mag-aaral ng kahalagahan ng patuloy na paggamit ng idyomatikong pahayag at mga tayutay. Magiging kapakipakinabang ito kung magagamit nila ito sa kanilang pagpapahayag. Makadaragdag rin ito ng kanilang kaalaman sa talasalitaan dahil ang mga idyoma at tayutay ay nakapagdaragdag ng kasiningan at kagandahan ng wika.

Talahanayan 4.7 Makabuluhang Kaugnayan ng Pananaw sa Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Antas ng Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral

Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon	Antas ng Pagpapayaman ng Talasalitaan	
	Context Clues	Idyomatikong Pagpapahayag
Layunin	.094	-.081
Nilalaman	.093	-.002
Paggamit ng mga Salita	.131	-.017
Disenyo at Pagkakabuo	-.031	-.021

Ipinakikita sa resulta ng Talahanayan 4.7 na ang paggamit ng panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon batay sa layunin, nilalaman, paggamit ng mga salita, at disenyo at pagkakabuo ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa context clues at idyomatikong pagpapahayag. Batay sa kabuuang resulta ay lumalabas na walang makabuluhang kaugnayan ang pananaw sa panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang ito na may mahinang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa paggamit ng panitikan ng Mauban at antas ng pagpapayaman ng talasalitaan kung kaya't ang hinuha ay mananatili sapagkat walang nakitang dahilan upang tanggihan ito. Mapapansin din na nagkaroon ng negatibong kaugnayan ang mga baryabol lalo na sa idyomatikong pagpapahayag na nangangahulugang habang tumataas ang kanilang pananaw sa paggamit ng panitikan ng Mauban ay bumababa naman ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa idyomatikong pagpapahayag.

Sa pag-aaral na ginawa nina Banagan at Libantino (2014), lumalabas walang makabuluhang kaugnayan ang pananaw sa binasang mga akda at kaalaman sa matatalinghagang salita ang mga mag-aaral. May mataas na pananaw ang mga mag-aaral sa kanilang binasang mga pahayag mula sa mga akda ngunit may napakabang kaalaman sa mga matatalinghagang salita.

Binigyang-diin naman nina Derecho, et.al (2016) na ang isa sa pangunahing isinasaalang-alang ng mga guro sa pagtuturo ay ang pagpili ng angkop na kagamitang panturo. Magiging batayan ito sa pagkakaroon ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan maging sa mga gawain sa klase. Mas tumatatak sa isipan ng mga mag-aaral kung ano ang tinatalakay kung may mga instrumentong ginagamit ang guro sa pagtuturo. Ngunit ang kagamitang panturong ito ay kailangang madaling gamitin ngunit nananatiling mapanghamon at naaangkop sa lebel ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4.8 Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Panitikan ng Mauban sa Pagtuturo ng Komunikasyon

Pre-test-Post test	Makabuluhang Pagkakaiba					
	Mean	SD	95% CID	t	Sig.	Interpre-

			Lower	Upper		(2-tailed	tation
<i>Context Clues</i>	-1.083	1.062	-1.358	-.809	-7.899	.000	Significant
Idyomatikong Pagpapahayag	-1.333	1.084	-1.613	-1.053	-9.527	.000	Significant

Makikita sa resulta ng Talahanayan 4.8 na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon mula sa dalawang baryabol. Batay sa context clues na may mean iskor na -1.083 at SD na 1.062, ipinakilala sa ito ay may $p=.000$ lebel ng signipikant. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pre-test at post test. Batay naman sa idyomatikong pagpapahayag na may mean iskor na -1.333 at SD na 1.084, ipinakilala sa ito ay may $p=.000$ lebel ng signipikant. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon rin ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pre-test at post test. Nangangahulugan ito na naging epektibo ang paggamit at pagbasa ng mga panitikan ng Mauban sapagkat mas higit na tumaas ang kanilang nakuhang iskor sa post-test pagkatapos itong gamitin sa pagtuturo ng komunikasyon. Masasabing nakatulong ang pagbasa ng mga lokal na akdang pampanitikan ng Mauban upang lalong mapataas ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan. Inilahad rin ng mga mag-aaral na sumailalim sa isinagawang interview na nakatulong ang pagbasa nila ng mga akdang pampanitikan ng Mauban upang madagdagan ang kanilang talasalitaan at upang mas madali nilang matukoy ang kahulugan ng mga matatalinghagang salita na nakapaloob sa mga akda.

Tumutugma ito sa pag-aaral ni Lacson (2020), lumalabas na kinakitaan ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng post-test ng grupong gumamit ng kontekstuwalisadong aralin at grupong 'di gumamit ng kontekstuwalisadong aralin. Nangangahulugan lamang ito na mas ganap ang pagkatuto ng mga mag-aaral na sumailalim sa paggamit ng kontekstuwalisadong aralin sa pagtuturo. Napatunayan sa kanyang pag-aaral na na may kabisaan ang paggamit ng kontekstuwalisadong aralin tulad ng paggamit ng mga lokal na akdang pampanitikan sa pagtuturo ng Filipino sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, sa kinalabasan pa rin ng pag-aaral ni Aman (2014), iminumungkahi niya na upang mapanatili ang ang iba't ibang anyo ng panitikan ay dapat maipagpatuloy ang pagbabahagi ng iba't ibang anyo ng panitikan nang sa gayon ay maisalin ang mga nalalaman sa kultura sa mga kabataang uhaw sa kuwento at kalinangan ng Maubanin at upang maipagpatuloy ang pagsasabuhay ng mga ito. Iminumungkahi rin niya ang pagtuturo ng mga alamat, kuwentong bayan, kasaysaan at mga tulang bayan bilang bahagi ng panitikan upang maikintal sa pag-unawa ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga panitikang bayan na magbibigay-daan sa pagkakaroon nila ng kamalayan sa kanilang kalinangan.

V. Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon; (1) hindi sapat ang istatistikal na ebidensya upang tanggihan ang hinuha na walang makabuluhang kaugnayan ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Panitikan ng Mauban sa antas ng pagpapayaman ng talasalitaan batay sa context clues at idyomatikong pagpapahayag kung kaya't ang hinuha ay mananatili, at; (2) sapat ang istatistikal na ebidensya upang tanggihan ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagpapayaman ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon kung kaya't ang hinuha ay hindi mananatili.

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, nais imungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon; (1) iminumungkahi sa mga guro na gamitin ang mga lokal na akdang pampanitikan na mayroon sa kanilang bayan sa pamamagitan ng pamamaraang tradisyunal na pagtuturo (*face-to-face classes*) upang mas matiyak ang kabisaan ng paggamit nito sa mga mag-aaral. Mabuting mailapat nila ito sa kanilang pagtuturo at magamit upang sa pamamagitan nito ay may iba pang kasanayan na mapaunlad sa kanilang mga mag-aaral; (2) iminumungkahi rin sa mga guro ang pagtitipon at pagdaragdag pa ng iba pang panitikan ng Mauban at pagbuo ng isang supplementaryong materyal na magagamit sa pagtuturo ng komunikasyon at paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Kinakailangan ang masusing pagsasaayos ng pagkakabuo at disenyo nito upang mas maging kawili-wili itong basahin ng mga mag-aaral; (3) hinihikayat naman ang mga mag-aaral na palagiang magsanay sa talasalitaan upang mas mapaunlad nila ito at makagamit pa ng iba't ibang paraan ng pagpapakahulugan bukod sa paggamit ng context clues at idyomatikong pagpapahayag. Hinihikayat rin ang kanilang patuloy na pagbasa at pagtangkil sa mga akdang pampanitikan sa kanilang lugar; at (4)

Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik ang paggamit ng triangulation method upang ang mga datos na makukuha ay lubos na maging makatotohanan gayundin ang pagdaragdag ng bilang ng mga tagasagot. Bigyang pansin ang mga baryabol na hindi nabanggit sa pag-aaral na sa kanilang palagay ay higit pang makapagpapaunlad sa kasanayan at kaalamang dapat malinang sa mga mag-aaral.

Sanggunian:

Dyornal at Artikulo

- [1] CHED Memorandum Order No. 04, Series of 2018. *Policy on the offering of Filipino and Panitikan subjects in all higher education programs as part of the New General Education Curriculum*
- [2] RP. Baer, *Kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa edukasyon*. (nailathala sa Panay News, 17 Nov 2017)
- [3] A.J. Perez at J.D. Petras, *Pagsusuri sa nilalamang panggramatika ng kurikulum ng K-12*. (PANDIWA tomo 4, Blg. 1, 2019.)
- [4] J.B. Cordenete and M.E. Macaldao, M. T. E. *Pagbuo at balidasyon ng interaktibong modyul sa pagtuturo ng Florante at Laura* (PSU Multidisciplinary Research Journal, 3(1), 2020) (Retrieved from <https://psurj.org/psurj/online/index.php/mrj/article/view/139>)
- [5] L.P. Saberola. *Pagbuo, pagtanggap at baliditi ng modyul: kontekstwalisasyon ng mga piling aralin sa Filipino 8 gamit ang dominyo ng kulturang popular*. (MSEUF Research Studies, 20(1), 2018) (Retrieved from <http://ejournals.ph/form/cite.php?id=14700>)

Aklat:

- [6] A. M. Aquino, *Facilitating human learning, 2nd edition* (Manila: Rex Book Store, Inc., 2015)
- [7] M.B. De Vera, et.al. *komunikasyon sa akademikong filipino* (Mandaluyong City: Books Atbp. Publishing Corp. 2010)

Tesis:

- [8] D.D. Lacson, *Kabisaan ng paggamit ng kontekstwalisadong aralin sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 7: isang eksperimental na pag-aaral* (Nailathala sa www.instabrightgazette.strikingly.com, Volume II, Issue I, 2020)
- [9] P. Abuel, *Lebel ng pagtanggap at pag-unawa ng mga mamamayan ng karatig-bayan ng lucban sa mga salitang lucbanin: implikasyon sa pagpapaunlad ng wika, kultura at turismo* (Di-limbag na tesis sa Manuel S. Enverga University Foundation, Inc. 2009)
- [10] A.A. Barquilla. *Kamalayan at pagtanggap sa mga salitang tayabasin: isang pagsusuri sa pagpapaunlad ng wika at kultura* (Di-limbag na tesis ng Laguna State Polytechnic University, 2015).
- [11] N.L. Zamora. *Pagtataya sa modularisasyon ng k-12 sa asignaturang Filipino: tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan* (The Normal Lights: Philippine Normal University, 2016)
- [12] C. Alpajora, J. Angeles, at D. Calong. *Kawilihan at kaalaman sa paggamit ng idyomatikong pahayag at tayutay ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon ng Dr. Maria D. Pastrana National High School, T.P, 2014-2015* (Di-limbag na tesis sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban, 2015)
- [13] J. Banagan at A. Libantino. *Pananaw at kaalaman sa wikang lalawiganin ng mga mag-aaral sa ikatlong taon ng DMDPNHS, T.P. 2013-2014*. (Di-limbag na tesis sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban, 2014)
- [14] A. Derecho, K. Lomerio, at C. Manaog. *Paghahanda at balidasyon ng komik strip bilang kagamitan sa pagtuturo sa pagtalakay ng piling maikling kuwento sa grade 7 ng DMDPNHS* (Di-limbag na tesis sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban, 2016)
- [15] J.J. Aman. *Antolohiya ng iba't ibang piling anyo ng panitikang bayan ng Mauban: isang pagsusuring pokloristiko*. (Di-limbag na tesis sa Sacred Heart College, Lucena City, 2014)

Elektroniko:

- [16] <https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-I-2014-43-57.pdf>
- [17] <http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/38>
- [18] <https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-II-2015-33-64.pdf>